



Aplikasyon para sa Mga Serbisyo

Estado ng Alaska
Kagawaran ng
Kalusugan Dibisyon ng
Pampublikong Tulong
<https://health.alaska.gov/dpa>

Kung kailangan mo ng tulong sa pagkumpleto ng form na ito o mayroon kang mga katanungan, mangyaring ipaalam sa amin — maaari kaming tumulong!

Paano ako mag-a-apply?

Gamitin ang aplikasyon na ito para mag-apply sa mga programa ng pampublikong tulong. Tanging ang iyong legal na pangalan, address, at lagda ang kinakailangan sa pahina 8 ng form ng aplikasyong ito para makakuha ng petsa ng pagsisimula ng benepisyo. Para sa SNAP, ang petsa ng pagsisimula ng iyong benepisyo ay sa petsang matatanggap namin ang iyong nakumpletong pahina 8. Ang Pampublikong Tulong para sa Nasa Hustong Gulang, Medicaid, at mga benepisyo mula sa ibang programa ay maaaring magsimula sa ibang araw

Mag-apply para sa Medicaid nang mas mabilis online

- Bisitahin ang www.healthcare.gov o www.my.alaska.gov para mag-apply online

Gaano ito katagal?

Maaaring tumagal ng hanggang 45 araw ang pagproseso sa iyong aplikasyon. Ang mga aplikante ng SNAP ay maaaring mabigyan ng mas mabilis na serbisyo. Ang mga sumusunod na sambahayan ay maaaring maging kwalipikado para tumanggap ng mga benepisyo ng SNAP sa loob ng 7 araw:

- Mga sambahayan na wala pang \$100 ang cash o pera sa bangko
- Mga sambahayan na may buwanang kabuuang kita (bago ang mga kaltas) na mas mababa sa \$150
- Mga sambahayan na mas mataas ang gastos para sa upa/mortgage/mga utilidad kaysa sa kanilang buwanang kabuuang kita, cash, pera sa bangko

Ano ang maaaring kailanganin mo para mag-apply sa insurance na pangkalusugan

- Mga Social Security number (o mga numero ng dokumento para sa sinumang legal na imigrante na nangangailangan ng insurance)
- Mga petsa ng kapanganakan
- Ang impormasyon ng employer & kita para sa lahat sa iyong sambahayan (halimbawa — mga payslip, W-2 tax form - Mga Statement ng Sahod at Buwis) Ang iyong kita at laki ng pamilya ay nakakatulong sa amin na magpasya sa kung aling mga programa sa insurance na pangkalusugan kayo kwalipikado. Kailangan naming malaman ang tungkol sa lahat ng nasa iyong tax return (hindi mo kailangang maghain ng mga buwis para makakuha ng saklaw pangkalusugan o mga serbisyo ng pampublikong tulong)
- Mga numero ng policy para sa anumang kasalukuyang insurance na pangkalusugan
- Impormasyon tungkol sa anumang insurance na pangkalusugan na may kaugnayan sa trabaho na available sa iyong pamilya

Kailangan ko bang kumumpleto ng isang panayam?

- Kinakailangan ang isang pakikipanayam bago namin tukuyin kung kwalipikado ka para sa ilang partikular na programa ng pampublikong tulong. Pwede kang mag-iskedyul ng panayam sa tanggapan ng Pampublikong Tulong o sa iyong lokal na Ahente ng Bayad. Tatanggihan ang iyong aplikasyon kung hindi mo makukumpleto ang panayam.
- Kung kailangan mo ng tagapagsalin ng wika, tumawag sa 1-800-478-7778 at magbibigay kami ng tagapagsalin nang walang bayad. Kung ikaw ay bingi, mahina ang pandinig, o may kapansanan sa pagsasalita, i-dial ang 711 para makipag-ugnayan sa isang Alaska Relay Communications Assistant.

Mga programa

Pederal na Pinamamahalaang Merkado

Mga pribadong plano ng insurance na pangkalusugan, libre o murang plano ng pag-iipon, at mga kredito sa buwis na nagbabayad para sa insurance.

Medicaid

Nag-aalok ng medikal na saklaw sa mga taong mababa ang kita, mga taong higit sa 65 ang edad, may kapansanan, bulag, buntis, at mga pamilyang may mga umaasang anak. Tumutulong din sa mga premium ng Medicare Part A at B.

Tulong Medikal para sa Pangmatagalan & Biglaang Karamdaman

Tumutulong sa mga taong may partikular na karamdaman na hindi kwalipikado para sa Medicaid at kakaunti o walang kita.

Programang Tulong para sa Karagdagang Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP)

Tumutulong sa mga tao na bumili ng pagkain.

Programang Pansamantalang Tulong

Nagbibigay ng buwanang pagbabayad ng salapi sa mga kwalipikadong pamilya na may mga anak.

Pampublikong Tulong para sa Nasa Hustong Gulang

Nagbibigay ng buwanang pagbabayad ng salapi at tulong medikal sa mga kwalipikadong matatanda, bulag, at may kapansanan.

Tulong sa Pangkalahatang Kaginhawaan

Tumutulong sa mga kwalipikadong indibidwal at pamilya na may mga pang-emergency na pangangailangan sa upa at utilidad. Tumutulong din sa mga gastos sa pagpapalibing.

Pahina ng Impormasyon — Basahin at panatilihin ang pahinang ito para sa iyong mga talaan.

Ano ang pwedeng kailanganin mong ibigay sa amin.

<p>Pagkakakilanlan:</p> <ul style="list-style-type: none"> <input type="checkbox"/> sertipiko ng kapanganakan <input type="checkbox"/> lisensya sa pagmamaneho o pagkakakilanlan sa estado <input type="checkbox"/> card ng pagkakakilanlan para sa mga benepisyo pangkalusugan <input type="checkbox"/> pagkakakilanlan sa paaralan o trabaho <input type="checkbox"/> pasaporte 	<p>Kinita:</p> <ul style="list-style-type: none"> <input type="checkbox"/> mga payslip (sa nakalipas na 30 araw) <input type="checkbox"/> statement ng employer sa kabuuang sahod <input type="checkbox"/> mga talaan ng bookkeeping sa sariling trabaho <input type="checkbox"/> mga form ng buwis sa kita
<p>Paninirahan:</p> <ul style="list-style-type: none"> <input type="checkbox"/> mga bayarin sa utilidad gaya ng kuryente, gas, o tubig <input type="checkbox"/> kasunduan sa pag-upa o mortgage statement na nagpapakita ng iyong address 	<p>Hindi Kinita:</p> <ul style="list-style-type: none"> <input type="checkbox"/> liham ng ahensya na nagpapakita ng perang natanggap tulad ng Social Security (SSI), mga benepisyo sa Mga Serbisyo para sa Beterano (VA), suporta sa anak, sustento, kawalan ng trabaho, at pagreretiro
<p>Katayuan sa Imigrasyon:</p> <ul style="list-style-type: none"> <input type="checkbox"/> mga papeles sa imigrasyon o naturalisasyon (hindi kinakailangan para sa mga mamamayan ng U.S. o para sa mga hindi kwalipikadong tao na nag-a-apply sa SNAP para sa kanilang mga anak na mamamayan ng U.S.) 	<p>Suporta sa Anak:</p> <ul style="list-style-type: none"> <input type="checkbox"/> pagka-ama, kustodiya at suporta <input type="checkbox"/> mga kautusan ng diborsyo o pagbuwag
<p>Mga Kaltas sa Gastusing Medikal:</p> <p>Para sa mga sambahayan na may matatanda (edad 60 pataas), bulag, o may kapansanan na mga miyembro lamang:</p> <ul style="list-style-type: none"> <input type="checkbox"/> mga statement sa pagsingil <input type="checkbox"/> mga detalyadong medikal na resibo tulad ng para sa mga iniresetang gamot <input type="checkbox"/> Medicare card na nagsasaad ng Part B na saklaw <input type="checkbox"/> kasunduan sa pagbabayad sa doktor 	<p>Iba pang mga Dokumentong Maaaring Kailanganin:</p> <ul style="list-style-type: none"> <input type="checkbox"/> mga bayarin o resibo para sa pangangalaga ng bata o dependent na matanda <input type="checkbox"/> patunay ng aplikasyon para sa Karagdagang Kita para sa Seguridad (Supplemental Security Income, SSI) <input type="checkbox"/> mga abiso sa pagpapaalis o sa pagpapatigil ng utilidad <input type="checkbox"/> kopya ng kautusan ng korte na nagpapakita ng mga obligasyong suporta sa iyong anak at katibayan ng pagbabayad

Ang iyong appointment ay sa:

Petsa/Araw _____ Oras _____ Telepono _____

Lokasyon/Tagapanayam _____ Fax _____

Pahina ng Impormasyon — Panatilihin ang pahinang ito para sa iyong mga talaan.

Ang Iyong Mga Karapatan at Responsibilidad

Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa isang desisyong ginawa?

May karapatan kang talakayin ang anumang aksyon na ginawa sa iyong aplikasyon o kaso sa isang caseworker o supervisor. Kung sa tingin mo ay nagkamali ang Dibisyon ng Pamublikong Tulong o Pederal na Pinamamahalaang Merkado sa pagpapasiya sa iyong insurance na pangkalusugan o nagkamali ang Dibisyon ng Pamublikong Tulong sa pagtukoy sa iyong mga benepisyo, pwede mong iapela ang desisyon nito. Ang ibig sabihin ng pag-apela ay ang pagbibigay-alam sa isang tao sa Dibisyon ng Pamublikong Tulong o sa Pederal na Pinamamahalaang Merkado na nakikita mong mali ang aksyon, at humihingi ka ng pagsusuri sa aksyon ng patas na pagdinig. Ang kahilingan para sa Programang Tulong para sa Karagdagang Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP) at Medicaid ay maaaring gawin sa sinumang empleyado ng Dibisyon nang personal, sa pamamagitan ng telepono, o nang pasulat; ang mga kahilingan para sa lahat ng iba pang programa ay dapat gawin nang pasulat. Ang mga kahilingan sa patas na pagdinig ng SNAP ay dapat gawin sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng bisa ng aksyon. Ang mga kahilingan sa patas na pagdinig para sa lahat ng iba pang programa ay dapat gawin sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng abiso. Kung hiniling, tutulungan ka ng Dibisyon na gumawa ng kahilingan sa pagdinig. Kung ang iyong hindi pagsang-ayon ay may kinalaman sa medikal na pagsingil o mga serbisyo, makipag-ugnayan sa Helpline ng Impormasyon ng Tumatangap ng Medicaid sa 1-800-780-9972.

Kung humiling ka ng patas na pagdinig bago ang petsa ng bisa ng aksyon, pwedeng patuloy kang makatanggap ng mga benepisyo hanggang sa magawa ang desisyong sa pagdinig. Kung hindi ka humiling ng patas na pagdinig bago ang petsa ng bisa ng aksyon, pwede ka pa ring umapela subalit ang mga benepisyo ay hindi ipagpapatuloy. Pwede kang palaging mag-apply muli para sa mga benepisyo habang naghahintay para sa iyong pagdinig. Sa pagdinig, maaari mong katawanin ang iyong sarili o magkaroon ng legal na kinatawan. Maaari kang maging kwalipikado para sa libreng legal na payo at representasyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Korporasyon ng Serbisyong Legal ng Alaska sa (907) 272-9431 o 1-888-478-2572.

Ang aking karapatang umapela

Alam kong malalaman ko kung paano umapela sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Dibisyon ng Pamublikong Tulong o sa Merkado sa 1-800-318-2596. Alam kong pwede akong katawanin ng ibang tao sa proseso. Ang aking kwalipikasyon at iba pang mahalagang impormasyon ay ipapaliwanag sa akin.

Kailan ko kailangang mag-ulat ng mga pagbabago?

Dapat mong iulat ang mga pagbabago sa iyong sambahayan sa loob ng 10 araw mula nang malaman mo ang pagbabago. Kung nakatanggap ka ng Pansamantalang Tulong ng Alaska at umalis ang isang bata sa iyong bahay, dapat mong iulat ito sa loob ng 5 araw.

Ano ang mga pagbabagong kailangan kong iulat?

Kung nakatanggap ka ng Mga Benepisyo sa Insurance na Pangkalusugan na pinahintulutan ng Pederal na Pinapamahalaang Merkado o Medicaid ng Pamublikong Tulong, dapat mong iulat ang anuman at lahat ng pagbabago sa impormasyong ibinigay sa aplikasyong ito, kabilang ang mga pagbabago sa iyong medikal na insurance.

Kung nakatanggap ka ng Programang Tulong para sa Karagdagang Nutrisyon at hindi ka nakatanggap ng mga benepisyo mula sa anumang iba pang programa, dapat kang mag-ulat kapag ang kabuuang kita ng iyong sambahayan ay lumampas sa limitasyon ng kita para sa laki ng iyong sambahayan at kung ang isang tao sa iyong sambahayan ay nanalo sa loterya o pagsusugal ng \$3,500 o higit pa sa isang laro. Kung ang iyong sambahayan ay may miyembrong napapailalim sa mga limitasyon sa oras ng ABAWD, dapat kang mag-ulat kapag ang kanilang oras ng trabaho ay bumaba ng mas mababa sa 20 oras bawat linggo.

Kung nakatanggap ka ng mga serbisyo ng pamublikong tulong, kasama sa mga pagbabagong dapat mong iulat, pero hindi limitado sa mga sumusunod:

- Pagsisimula o paghinto sa isang trabaho, pagbabago sa sahod, pagbabago mula sa part-time patungong full-time, o full-time sa part-time
- Kapag ang perang natanggap mo mula sa mga pinagmumulan maliban sa pagtatrabaho ay nagbago nang higit sa \$50
- May taong pumasok o lumabas ng iyong bahay
- Lumipat ka o nakakuha ng bagong address para sa koreo
- Ang iyong sambahayan ay nakakuha ng sasakyan
- Ang iyong sambahayan ay mayroong higit sa \$2250 na kabuuang hawak na pera o nasa bangko
- Mga pagbabago sa bayad o obligasyon sa suporta ng iyong anak
- Mga pagbabago sa iyong medikal na insurance kung ikaw o sinuman sa iyong sambahayan ay nakakuha ng Medicaid
- Mga pagbabago sa pagbubuntis

Basahin at panatilihin ang pahinang ito.

Kakailanganin ko pa bang magtrabaho?

Para makatanggap ng Pansamantalang Tulong ng Alaska o Programang Tulong para sa Karagdagang Nutrisyon, kakailanganin mong lumahok sa mga aktibidad sa trabaho. Ang mga kalahok sa Pansamantalang Tulong ng Alaska ay dapat maghanda ng Plano ng Pamilya tungo sa Pagsasarili para maging independent sa pananalapi. Kailangan mong lumahok sa mga naaprubahang aktibidad sa trabaho maliban kung kwalipikado ka para sa exemption. Kung ikaw ay isang magulang na menor de edad at hindi kasal, para makatanggap ng Pansamantalang Tulong ng Alaska ay dapat kang tumira kasama ang isang magulang o sa ibang naaprubahang kaayusan ng paniniraham at pumasok sa paaralan o pagsasanay. Kung hindi mo matutugunan ang mga kinakailangan sa trabaho o sa pagiging menor de edad na magulang, maaaring bawasan o wakasan ang iyong mga benepisyo.

Ano ang mangyayari sa aking Suporta sa Anak?

Dapat mangolekta ang Alaska ng suporta sa anak at suportang medikal mula sa sinumang magulang na may tungkuling magbayad ng suporta para sa batang tumatanggap ng Pansamantalang Tulong ng Alaska o Medicaid. Kabilang dito ang anumang perang inutang sa iyo sa oras na nag-apply ka, pati na rin ang mga pangkasalukuyan at panghinaharap na mga pagbabayad sa suporta sa anak. Ang anumang pagbabayad sa suporta sa anak na ibinigay o binayaran sa iyo habang tumatanggap ka ng mga benepisyo ng Pansamantalang Tulong ng Alaska ay dapat iulat at ibigay kaagad sa Estado. Para baguhin ang isang utos ng pagsuporta sa anak, dapat kang kumuha ng bagong utos ng korte o kumuha ng pahintulot mula sa Dibisyon ng Mga Serbisyo para sa Suporta sa Anak (Child Support Services Division, CSSD). Kung naniniwala ka na mayroon kang magandang dahilan para hindi makipagtulungan sa CSSD para sa mga programang ito, dapat mong sabihin kaagad sa iyong caseworker. Pwedeng hilingin sa iyo na magbigay ng impormasyon para suportahan ang iyong dahilan.

Kapag nag-apply ka para sa Pansamantalang Tulong ng Alaska, kailangan mong:

- Lumagda sa CSSD para sa iyong karapatang tumanggap at panatilihin ang mga bayad sa suporta sa anak na nakalaan sa iyo o isang anak sa Pansamantalang Tulong ng Alaska.
- Makipagtulungan sa CSSD sa pagtutukoy ng ama.
- Sumang-ayon na huwag bibili gamit ang o i-access ang mga benepisyong pera sa iyong EBT card sa mga ATM na matatagpuan sa mga bar, tindahan ng alak, sugalan o pangmatandang aliwan.

Kapag nag-apply ka para sa Medicaid, kailangan mong:

- Italaga sa Estado ng Alaska ang lahat ng karapatan sa anumang suportang medikal o iba pang pagbabayad ng ikatlong partido sa lawak na binayaran ng kagawaran para sa tulong medikal sa pangangalaga at mga serbisyo para sa iyo o sa iyong mga menor de edad na anak.
- Makipagtulungan sa kagawaran sa pagtukoy at pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga ikatlong partido na posibleng may pananagutan na magbayad para sa pangangalaga at mga serbisyong natanggap mo o ng iyong mga menor de edad na anak.
- Sumang-ayon na mag-apply para sa lahat ng iba pang available na mapagkukunan na ikatlong partido na pwedeng magamit para ibigay o bayaran ang halaga ng pangangalaga o mga serbisyong natanggap mo o ng iyong mga menor de edad na anak o na maaaring gamitin para ibalik sa estado ang halaga ng pangangalaga o mga serbisyong natanggap.
- Makipagtulungan sa CSSD sa pagtutukoy ng ama.
- Kung nag-a-apply para sa mga pangmatagalang serbisyo ng pangangalaga, kabilang ang mga serbisyo sa Pahintulot na Batay sa Bahay at Komunidad, italaga ang Estado ng Alaska bilang natitirang benepisyaryo, o bilang pangalawang natitirang benepisyaryo pagkatapos ng iyong asawa o menor de edad o may kapansanang anak, para sa anumang interes na pwedeng mayroon ka sa kinikita sa isang taon hanggang sa halaga ng mga benepisyo ng Medicaid na natanggap.

Maaari bang kunin ng Estado ng Alaska ang aking ari-arian?

Ang ari-arian ng isang indibidwal na may edad na 55 o mas matanda pa na nakatanggap ng mga benepisyo ng Medicaid ay pwedeng sumailalim sa isang claim para sa pagbawi. Ito ay limitado sa pagbabayad ng mga serbisyong natanggap habang ang tatanggap ay nasa isang institusyong medikal, kabilang ang isang nursing home o iba pang institusyong medikal, o tumatanggap ng mga serbisyong nakabatay sa tahanan at komunidad. Sa ilalim ng limitadong mga kundisyon, ang Estado ng Alaska ay maaaring maglagay ng prenda sa tahanan ng isang tatanggap. Gayunpaman, ang karamihan sa pagbawi ng ari-arian ay isinasagawa pagkatapos ng kamatayan ng tumatanggap o ng naiwang asawa ng tumatanggap, kung mayroon man, at sa panahon lamang na ang tumatanggap ay walang nabubuhay na anak na wala pa sa edad na 21 at walang nabubuhay na anak na bulag o may kapansanan.

Responsibilidad para sa Sobrang Bayad

Kung nakatanggap ka ng sobrang bayad sa mga benepisyo ng Pamublikong Tulong o nakatanggap ng mga serbisyong hindi nararapat sa iyo, maaari kang maging responsable sa pagbabalik ng sobrang bayad o halaga ng mga serbisyo sa Estado ng Alaska. Maaaring totoo ito kung ang sobrang bayad o hindi tamang pagpapahintulot sa mga serbisyo ay dahil sa pagkakamali ng Kagawaran ng Kalusugan. Sa pagtanggap ng mga benepisyo o serbisyo, kailangan mong unawain at sang-ayunan na pwede kang maging responsable sa pagbabalik ng bayad sa mga benepisyo o serbisyo na hindi nararapat sa iyo.

Basahin at panatilihin ang pahinang ito.

Paano pinoprotektahan ang aking mga karapatan?

Ang Dibisyon ng Pamublikong Tulong ay mangongolekta ng impormasyon, kabilang ang Social Security number (SSN) ng bawat miyembro ng sambahayan na nag-a-apply para sa Programang Tulong para sa Karagdagang Nutrisyon, Pansamantalang Tulong ng Alaska, o Medicaid, upang matukoy ang pagiging kwalipikado para sa mga benepisyo ng pamublikong tulong. Beberipikahin ng Dibisyon ang impormasyong ito sa pamamagitan ng mga computer matching program, kabilang ang Income and Earnings Verification System (IEVS). Ang impormasyong ito ay gagamitin para subaybayan ang pagsunod sa mga regulasyon ng programa at para sa pamamahala ng programa. Maaaring ibunyag ng Dibisyon ang impormasyong ito sa iba pang mga ahensya ng Pederal at Estado para sa opisyal na pagsusuri, sa mga opisyal na nagpapatupad ng batas para sa layunin ng paghuli sa mga taong tinatakan ang batas, at sa mga pribadong ahensya sa pangongolekta ng claim para sa aksyon sa pangongolekta ng mga claim. Maaaring beripikahin ng Dibisyon ang katayuang imigrante ng mga miyembro ng sambahayan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Pagkamamamayan ng U.S. at Imigrasyon (U.S. Citizenship and Immigration Services, USCIS). Ang impormasyong nakuha mula sa mga ahensyang ito ay maaaring makaapekto sa iyong pagiging kwalipikado at antas ng mga benepisyo.

Ang pagbibigay ng hiniling na impormasyon, kabilang ang SSN ng bawat miyembro ng sambahayan kung kanino kayo naghahanap ng mga benepisyo, ay kusang loob. Gayunpaman, ang kabiguang magbigay ng impormasyong ito ay magreresulta sa pagtangi ng mga benepisyo sa bawat indibidwal na hindi makapagbigay ng SSN. Ang anumang ibinigay na SSN ay gagamitin at ibubunyag sa parehong paraan, anuman ang pagiging kwalipikado ng indibidwal. Matutulungan ka ng Dibisyon ng Pamublikong Tulong sa pag-a-apply para sa Social Security Number kung ikaw ay naghahanap ng mga benepisyo at wala ka ni isa.

Kapag nilagdaan mo ang aplikasyon para sa tulong at gumamit ng Medicaid o Tulong Medikal para sa Pangmatagalan & Biglaang Karamdaman, pumapayag kang maglabas ng mga talaang medikal at impormasyon tungkol sa iyong sarili at sinumang ini-a-apply mo sa Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health, DOH). Kapag hiniling, ang sinumang may hawak ng mga talaang medikal at impormasyon o ang pag-iingat ng naturang mga talaan ay dapat ilabas ang mga talaang iyon sa Kagawaran o isang kinatawan ng kagawaran.

Ang impormasyong pangkalusugan (DOH) o medikal na impormasyong hawak ng DOH tungkol sa iyo ay protektado sa ilalim ng Batas sa Portabilidad at Pananagutan sa Insurance na Pangkalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA) ng 1996. Ang pederal na batas na ito ay nagbibigay sa iyo ng ilang partikular na karapatan tungkol sa kung paano ginagamit at isinisiwalat ang iyong impormasyong pangkalusugan. Ang batas ay nagbibigay-daan sa iyo na matukoy kung paano ginamit ng DOH ang iyong impormasyong pangkalusugan, at kung paano isinisiwalat ng DOH ang iyong impormasyong pangkalusugan sa labas ng DOH. Nililimitahan din ng batas ang pagpapalabas ng impormasyon tungkol sa iyo sa pinakamababang halaga na kinakailangan para sa layunin ng pagsisiwalat, at pinahihintulutan kang masuri at makakuha ng kopya ng iyong sariling mga talaang pangkalusugan at humiling ng mga pagwawasto sa mga talaang iyon.

Maaari kang makakuha ng elektronikong kopya ng Abiso ng mga Kasanayan sa Privacy sa

<https://health.alaska.gov/fms/Documents/DOH-Notice-of-Privacy-Practices.pdf> o maaari kang humiling ng isang naka-print na kopya sa pamamagitan ng pag-email sa: privacyofficial@alaska.gov o sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa: State of Alaska, DOH Privacy Official, P.O. Box 110650, Juneau, Alaska 99811-0650.

Alinsunod sa mga batas sa karapatang sibil ng pederal at sa mga regulasyon at patakaran ng Kagawaran ng Agrikultura ng U.S. (U.S. Department of Agriculture, USDA), ang USDA, ang mga ahensya, opisina, at empleyado nito, at ang mga institusyong lumalahok at nangangasiwa sa mga programa ng USDA ay pinagbabawalang magdiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinanggalingan, sex (kabilang na ang pagkakakilanlan ng kasarian at oryentasyong sekswal), paniniwalang panrelihiyon, kapansanan, edad, mga paniniwalang politikal, pagsumbong o pagganti para sa nakaraang aktibidad sa mga karapatang sibil sa anumang programa o aktibidad na isinasagawa o pinopondohan ng USDA. Ang mga programang tumatanggap ng tulong pinansyal ng pederal mula sa Kagawaran ng Serbisyon Pangkalusugan at Pantao (Health and Human Services, HHS) ng U.S., tulad ng Pansamantalang Tulong para sa Mahihirap na Pamilya (Temporary Assistance for Needy Families, TANF), at mga programang direktang pinangangasiwaan ng HHS ay pinagbabawalan ding magdiskrimina sa ilalim ng mga batas sa karapatang sibil ng pederal at sa mga regulasyon ng HHS.

Ang USDA ay nagbibigay ng tulong pinansyal ng pederal para sa maraming programa sa seguridad ng pagkain at pagtugon sa gutom tulad ng Programang Tulong para sa Karagdagang Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP), ang Programa ng Pamamahagi ng Pagkain sa Mga Reserbasyon ng Indian (Food Distribution Program on Indian Reservations, FDIPIR) at iba pa. Upang maghain ng reklamo sa programa kaugnay ng diskriminasyon, kumpletuhin ang Form ng Reklamo sa Diskriminasyon sa Programa, (AD-3027) (matatagpuan online sa: Paano Maghain ng Reklamo, at sa kahit saang tanggapan ng USDA) o sumulat sa USDA at banggitin ang lahat ng impormasyong hinihiling sa form. Para humiling ng kopya ng form ng reklamo, tumawag sa (866) 632-9992. Isumite ang iyong nakumpletong form o sulat sa USDA sa pamamagitan ng:

1. koreo: Food and Nutrition Service, USDA
1320 Braddock Place, Room 334, Alexandria, VA 22314; o
2. fax: (833) 256-1665 o (202) 690-7442; o
3. telepono: (833) 620-1071; o
4. email: FNCSIVILRIGHTSCOMPLAINTS@usda.gov.

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga isyu ng SNAP, kailangang makipag-ugnayan sa numero ng hotline ng USDA SNAP sa (800) 221-5689, na nasa wika rin ng Espanyol, o tumawag sa mga numero ng impormasyon at hotline ng estado (i-click ang link para sa listahan ng mga numero ng hotline ayon sa estado); Hotline ng SNAP.

Basahin at panatilihin ang pahinang ito.

Ang HHS ay nagbibigay ng tulong pinansyal ng pederal para sa maraming programa para mapabuti ang kalusugan at kagalingan, kabilang na ang TANF, Head Start, ang Programang Tulong sa Enerhiya ng Bahay na May Mababang Kita (Low Income Home Energy Assistance Program, LIHEAP), at iba pa. Kung sa tingin mo ay nadiskrimina ka dahil sa iyong lahi, kulay, bansang pinanggalingan, kapansanan, edad, sex (kabilang na ang pagbubuntis, oryentasyong sekswal, at pagkakakilanlan ng kasarian), o relihiyon sa mga programa o aktibidad na direktang pinangangasiwaan ng HHS o kung saan nagbibigay ng tulong pinansyal ng pederal ang HHS, maaari kang maghain ng reklamo sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights, OCR) para sa iyong sarili o sa ibang tao.

Upang maghain ng isang reklamo ng diskriminasyon para sa iyong sarili o sa ibang tao tungkol sa isang programang tumatanggap ng tulong pinansyal ng pederal sa pamamagitan ng HHS, kumpletuhin ang form online sa pamamagitan ng Portal ng Reklamo ng OCR sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/>. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa OCR sa pamamagitan ng koreo sa: Centralized Case Management Operations, U.S. Department of Health and Human Services, 200 Independence Avenue, S.W., Room 509F HHH Bldg., Washington, D.C. 20201; fax: (202) 619-3818; o email: OCRmail@hhs.gov. Para sa mas mabilis na pagproseso, hinihikayat ka naming gamitin ang online portal ng OCR sa paghahain ng mga reklamo imbes na maghain sa pamamagitan ng koreo. Ang mga taong nangangailangan ng tulong sa paghahain ng reklamo kaugnay ng mga karapatang sibil ay maaaring mag-email sa OCR sa OCRMail@hhs.gov o tumawag sa OCR nang walang bayad sa 1-800-368-1019, TDD 1-800-537-7697. Para sa mga taong bingi, mahina ang pandinig, o nahihirapan sa pagsasalita, paki-dial ang 7-1-1 para ma-access ang mga serbisyo ng telecommunications relay. Nagbibigay din kami ng mga alternatibong format (tulad ng Braille at malaking print), mga auxiliary aid at mga serbisyo ng tulong kaugnay ng wika na libre para sa paghahain ng reklamo. Ang institusyong ito ay tagapagbigay ng pantay na pagkakataon.

Paglabas

Ang iyong lagda sa aplikasyong ito ay nagbibigay ng pahintulot sa Pederal na Pinamamahalaang Merkado, Kagawaran ng Kalusugan, mga ahente nito, at sa Kagawaran ng Batas na humingi ng impormasyon tungkol sa iyong kalusugan, pananalapi, pamilya at personal na kasaysayan. Ang impormasyong ito ay pwedeng gamitin para matukoy ang iyong pagiging kwalipikado para sa mga programa ng pampublikong tulong at, kung ang isang pagsisiyasat sa pandaraya ay ilulunsad, sa administratibo o kriminal na mga pagsisiyasat sa iyong pagiging kwalipikado para sa mga benepisyo. Hindi ilalabas ang iyong impormasyon para sa iba pang dahilan o sa ibang tao o ahensya sa labas ng Pederal na Pinamamahalaang Merkado, Kagawaran ng Kalusugan, o mga kinatawan nito maliban kung iniutos ng batas. Ang Paglabas ng Impormasyon ay magkakabisa habang ikaw ay isang aplikante o tumatanggap ng pampublikong tulong, at para sa anumang mga pagsisiyasat sa hinaharap ng iyong pagiging kwalipikado at pagtanggap ng mga benepisyo.

Susuriin namin ang iyong mga sagot gamit ang impormasyon sa aming mga electronic database at database mula sa Internal Revenue Service (IRS), Social Security, Kagawaran ng Seguridad ng Bayan, at/o isang ahensyang nag-uulat ng consumer. Kung hindi tumugma ang impormasyon, maaari naming hilingin sa iyo na magpadala sa amin ng katibayan. Maaari rin kaming makipag-ugnayan sa ibang tao o samahan kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: ang Korporasyon sa Pagpapautang para sa Pabahay sa Alaska, ang Department of Fish and Game, ang Kagawaran ng Paggawa, ang Kagawaran ng Batas, ang Kagawaran ng Mga Serbisyo para sa Militar at Beterano, ang Kagawaran ng Pampublikong Kaligtasan, ang Kagawaran ng Rentas, Mga Serbisyo sa Pagkamamamayan ng U.S. at Imigrasyon, mga employer, mga institusyong pampinansyal, mga landlord, mga lokal na pamahalaan, mga Native corporation, mga pribadong indibidwal, mga kontratista at pinagkakalooban ng programa sa pampublikong tulong, mga awtoridad ng paaralan, ang Pamahalaan ng Social Security, mga kumpanya ng stock brokerage, at mga tagasuri ng buwis. Kailangan namin ang impormasyong ito para suriin ang iyong pagiging kwalipikado para sa mga serbisyo ng pampublikong tulong at para sa tulong sa pagbabayad para sa saklaw pangkalusugan kung pipiliin mong mag-apply. Dagdag dito, ang impormasyong nakuha mula sa pagpapalabas na ito ay maaaring gamitin ng Kagawaran ng Kalusugan sa mga administratibong paglilitis laban sa iyo, at/o ng Kagawaran ng Batas sa mga kriminal na paglilitis laban sa iyo.

Basahin at panatilihin ang pahinang ito.

Ano ang mangyayari kung hindi ko susundin ang mga alituntunin?

Maaari kang makasuhan kung sadyang nagbibigay ka ng mali, hindi tama, o hindi kumpletong impormasyon para makuha o subukang makakuha ng mga benepisyo ng pampublikong tulong na hindi ka kwalipikado, o para matulungan ang tao na makakuha ng mga benepisyo na hindi sila kwalipikado. Dapat mong bayaran ang anumang benepisyo na hindi mo dapat natanggap.

Programang Tulong para sa Karagdagang Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP)	
<p>Naiintindihan ko na kung ako ay... Gumawa ng sinadyang paglabag sa Programang Tulong para sa Karagdagang Nutrisyon na tinukoy sa 7 CFR 273.16 o alinman sa mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • itago ang impormasyon o gumawa ng mga maling pahayag • gumamit ng electronic benefit transfer (EBT) card na pagmamay-ari ng ibang tao • gumamit ng mga benepisyo ng SNAP para makabili ng alak o tabako • i-trade o ibenta ang mga benepisyo o EBT card 	<p>Maaaring akong...</p> <ul style="list-style-type: none"> • mawalan ng mga benepisyo ng SNAP sa loob ng 12 buwan para sa unang paglabag at pagbayarin sa lahat ng benepisyong labis na binayaran sa akin • mawalan ng mga benepisyo ng SNAP sa loob ng 24 na buwan para sa pangalawang paglabag at pagbayarin sa lahat ng benepisyong labis na binayaran sa akin • permanenteng mawalan ng mga benepisyo ng SNAP para sa pangatlong paglabag at pagbayarin sa lahat ng benepisyong labis na binayaran sa akin • maaaring pagmultahin ng hanggang sa \$250,000.00, makulong ng hanggang sa 20 taon o pareho
<ul style="list-style-type: none"> • ipagpalit ang mga benepisyo ng SNAP para sa mga kinokontrol na substance, tulad ng mga droga 	<ul style="list-style-type: none"> • mawalan ng mga benepisyo ng SNAP sa loob ng 24 na buwan para sa unang paglabag • permanenteng mawalan ng mga benepisyo ng SNAP para sa pangalawang paglabag
<ul style="list-style-type: none"> • magbigay ng maling impormasyon tungkol sa kung sino ako at kung saan ako nakatira para makakuha ako ng mga karagdagang benepisyo 	<ul style="list-style-type: none"> • mawalan ng mga benepisyo ng SNAP sa loob ng 10 taon para sa bawat paglabag
<ul style="list-style-type: none"> • nahatulan ng pangangalakal o pagbebenta ng mga benepisyo ng SNAP na nagkakahalaga ng higit sa \$500, o pangangalakal ng mga benepisyo ng SNAP para sa mga baril, bala, o mga pampasabog 	<ul style="list-style-type: none"> • permanenteng pagbawalan sa pagtanggap ng mga benepisyo ng SNAP
Programang Pansamantalang Tulong ng Alaska	
<p>Naiintindihan ko na kung ako ay...</p> <ul style="list-style-type: none"> • gumawa ng sinadyang paglabag sa programa o ako ay nahatulan ng pandaraya • magbigay ng maling impormasyon tungkol sa kung sino ako at kung saan ako nakatira para makakuha ako ng mga karagdagang benepisyo • gumamit ng aking mga benepisyong pera ng ATAP o i-access ang mga ito sa anumang ATM na matatagpuan sa mga bar, tindahan ng alak, mga lugar ng sugalan o pangmatandang aliwan 	<p>Maaaring akong...</p> <ul style="list-style-type: none"> • mawalan ng mga benepisyo sa loob ng 6 na buwan para sa unang paglabag • mawalan ng mga benepisyo sa loob ng 12 buwan para sa pangalawang paglabag • permanenteng mawalan ng benepisyo para sa pangatlong paglabag • at maaari ding ilapat ang iba pang parusa at ako ay maaaring isailalim sa kriminal na pag-uusig • kailangang ibalik ang halagang natanggap kung mayroong sobrang bayad
Medicaid Program (Programang Medicaid)	
<p>Naiintindihan ko na kung ako ay...</p> <ul style="list-style-type: none"> • gumawa ng sinadyang paglabag o pag-abuso sa programa na nagreresulta sa maling paggamit o labis na paggamit sa mga benepisyo ng Medicaid o napatunayang nagkasala ng maling pag-uugali na nauugnay sa mga benepisyo ng Medicaid • gumawa ng pandaraya sa Medical Assistance sa ilalim ng AS 47.05.210 	<p>Maaaring akong...</p> <ul style="list-style-type: none"> • pagbayarin ng halaga ng mga serbisyo ng Medicaid na natanggap ko o ng sinuman sa aking sambayanan • hindi isama sa Medicaid nang hanggang 10 taon • pagbayarin ng multa na hanggang \$25,000 at isailalim sa kriminal na pag-uusig

Basahin at panatilihin ang pahinang ito.



Aplikasyon para sa Mga Serbisyo

Petsa ng Pagtanggap/Lagda ng
Ahente ng Bayad

Petsa ng Pagtanggap ng DPA

Anong uri ng tulong ang kailangan mo? Suriin ang mga programa o serbisyo na kailangan mo.

<input type="checkbox"/> Medicaid Denali Care at Denali KidCare	<input type="checkbox"/> Temporary Assistance (Pansamantalang Tulong) Buwanang perang bayad para sa mga kwalipikadong pamilya na may mga anak.
<input type="checkbox"/> Tulong Medikal para sa Pangmatagalan & Biglaang Karamdaman Limitadong medikal na saklaw para sa mga taong may partikular na sakit na hindi kwalipikado para sa Medicaid	<input type="checkbox"/> Pampublikong Tulong para sa Nasa Hustong Gulang <input type="checkbox"/> bulag o may kapansanan <input type="checkbox"/> tulong para sa matatanda
<input type="checkbox"/> Programang Tulong para sa Karagdagang Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP) Buwanang pagpapalabas para tumulong sa mga gastos sa pagkain. Importante: Pwede kang maging kwalipikado sa SNAP sa loob ng pitong araw - sagutin ang mga tanong sa ibaba.	<input type="checkbox"/> Tulong sa Pangkalahatang Kaginhawaan Emergency na tulong para sa mga kwalipikadong indibidwal at pamilya. <input type="checkbox"/> upa o mga kagamitan <input type="checkbox"/> gastos sa libing
<input type="checkbox"/> Iba Pang Serbisyo <input type="checkbox"/> Mga Benepisyo para sa Senior <input type="checkbox"/> Pangmatagalang Pangangalaga	

Sino ka? (Paki-print at gumamit ng mga legal na pangalan)

1. Pangalan, Gitnang pangalan, Apelyido, at Suffix		2. Iba pang Pangalan (pangalan noong dalaga, palayaw, atbp.)	
3. Address ng tirahan o mga direksyon papunta sa iyong bahay			4. Numero ng apartment o suite
5. Lungsod	6. Estado	7. ZIP code	
8. Mailing address (kung iba sa address ng tirahan)			9. Numero ng apartment o suite
10. Lungsod	11. Estado	12. ZIP code	
13. Numero ng telepono () -		14. Iba pang numero ng telepono () -	
15. Email address:		16. Iba pang email address:	
17. Ang English ba ang iyong pangunahing wika? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi Kung hindi, ano ang iyong pangunahing wika? _____ Kung hindi Ingles ang iyong pangunahing wika, nakakabasa at nakakasulat ka ba ng Ingles nang may sapat na kasanayan para maunawaan at maayos na mapunan ang aplikasyong ito? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi Kung hindi, tumawag sa 1-800-478-7778 at tutulungan ka namin sa form na ito at magbibigay ng tagapagsalin nang walang bayad.			
18. Mayroon bang sinuman sa iyong sambahayan ang nakatanggap ng pampublikong tulong (Pansamantalang Tulong, pera, SNAP, Medicaid, Programa ng Pamamahagi ng Pagkain sa Mga Reserbasyon ng Indian FDIPIR) sa Alaska o anupamang estado? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi Kung oo, sino, kailan, at saan? _____			
19. Sagutin ang mga tanong na ito para malaman kung makakakuha ka ng SNAP sa loob ng pitong araw			
a. Mayroon ka bang higit sa \$100 na hawak na pera o pera sa bangko?		<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi	
b. Ang buwanang kabuuang kita ba ng iyong sambahayan (bago ang mga kaltas) ay mas mababa sa \$150?		<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi	
c. Ang iyong mga gastos para sa renta/mortgage/mga utilidad ay higit pa sa iyong buwanang kabuuang kita, hawak na pera at pera sa bangko?		<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi	

Lumagda rito:

Petsa:

HAKBANG 2 Mga tao sa iyong sambahayan

Kumpletuhin para sa bawat tao sa iyong sambahayan.

Simulan sa iyong sarili at pagkatapos ay idagdag ang lahat ng iba pang miyembro ng iyong sambahayan, kabilang ang mga taong naninirahan sa iyo nang full-time at part-time. Para sa higit sa apat na tao, gumawa ng kopya ng mga blangkong pahina at ilakip. Ang mga miyembro ng pamilya na hindi nangangailangan ng saklaw na pangkalusugan o tulong pampubliko ay hindi kailangang magbigay ng katayuan sa imigrasyon o Social Security number.

20. Pangalan, Gitnang pangalan, Apelyido, at Suffix		21. Relasyon sa iyo? Sarili		
22. Social Security number	23. Petsa ng Kapanganakan (mm/dd/yyyy)	23a. Katayuan sa Pag-aasawa	24. Kasarian <input type="checkbox"/> Lalaki <input type="checkbox"/> Babae	
25. Plano mo bang maghain ng pederal na income tax return SA SUSUNOD NA TAON? Maaari kang mag-apply para sa insurance na pangkalusugan kahit na hindi ka naghain ng tax return.		<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi. Lumaktaw sa tanong C		
a. Maghahain ka ba kasama ang isang asawa?		<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi		
Pangalan ng asawa: _____				
b. Magke-claim ka ba ng sinumang dependent sa iyong tax return?		<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi		
Ilista ang (mga) pangalan ng dependent: _____				
c. Ike-claim ka ba bilang dependent sa tax return ng isang tao?		<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi		
Pakilista ang pangalan ng tagahain ng buwis: _____		Relasyon sa tagahain ng buwis? _____		
26. Buntis ka ba? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi Ilang sanggol ang inaasahan sa pagbubuntis na ito? _____				
Nakatakdang petsa? _____				
27. Kailangan mo ba ng mga serbisyo ng pampublikong tulong para sarili mo? Kahit na mayroon kang insurance, maaaring mayroong programa na may mas mahusay na saklaw o mas mababang halaga.		<input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi. Laktawan ang mga tanong 28-37.		
28. Mayroon ka bang kondisyon ng kalusugan sa katawan, pag-iisip, o emosyon na nagdudulot ng mga limitasyon (tulad sa paliligo, pagbibihis, mga gawaing-bahay) o nakatira ka ba sa medikal na pasilidad o nursing home?				
29. Isa ka bang mamamayan o nasyonal ng U.S.? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi				
30. Kung hindi ka isang mamamayan o nasyonal ng U.S., mayroon ka bang karapat-dapat na katayuan sa imigrasyon? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi				
Punan ang iyong uri ng dokumento at numero ng ID sa ibaba.				
a. Uri ng dokumento ng imigrasyon: _____ Numero ng ID ng Dokumento: _____				
b. Tumira ka ba sa U.S. mula noong Agosto 22, 1996? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi				
c. Ikaw ba, ang iyong asawa, o magulang ay beterano o aktibong miyembro ng militar ng U.S.? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi				
31. Gusto mo ba ng tulong sa pagbabayad ng mga medikal na bayarin mula sa huling 3 buwan? Aling buwan? _____ <i>Kung ikaw ay miyembro ng tribo at tinitingnan sa pasilidad na medikal pangtribo sa nakalipas na tatlong buwan, pwede kang magkaroon ng mga gastos sa medikal na maaaring masakop ng retroactive na Medicaid.</i>				
32. Mayroon ka bang gastos sa medikal dahil sa isang aksidente? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi				
33. Naninirahan ka ba kasama ang isang batang wala pang 19 ang edad, kung saan ikaw ang pangunahing tagapag-alaga? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi				
